

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa...

Pagbigay sa Inyong Anak ng Mga Panlunas sa Pananakit/Mga Pampababa ng Lagnat

Ang mga panlunas sa sakit ay maaaring tumulong sa pagpapababa ng lagnat ng inyong anak at malunasan ang mga konting pananakit at kirot. Mayroong dalawang klaseng naaprubahan para sa mga bata na—acetaminophen (na makikita sa Pambatang **TYLENOL**®) at ibuprofen (na makikita sa Pambatang **MOTRIN**®). Ang Aspirin ay hindi dapat ibigay sa mga bata, kasi ito ay maaaring maging sanhi ng malalang sakit, na tinatawag na Reye's Syndrome.

Ang mga walang-reseta na mga panlunas sa sakit ay malawakang ginagamit sa Amerika. Pero tulad ng lahat na mga gamot, maari silang makapinsala kung hindi ninyo sila gagamitin ng wasto. Ang mga sumusunod na mga hakbang ay maaaring makatulong sa inyo na gamitin ng ligtas ang pambata na panlunas sa pananakit sa tuwina.



Alamin ang wastong dosis

Ang mga bata ay mabilis na lumaki, kaya importante na basahin ang tatak sa tuwina para malaman ang tamang dosis para sa kasalukuyang timbang ng inyong anak (o edad, kung hindi alam ang timbang). Para sa maliliit na mga bata, ang tatak ay maaaring magsabi sa inyo na itanong sa inyong doktor para sa tamang dosis. Kung mayroong sobra sa isa pang bata sa loob ng bahay, madaling malito na kumuha ng tamang mga sukat ng dosis para sa mga batang mayroong ibat'ibang edad.

Sukatin ng tama

Para sa ganap na kawastuhan, gamitin lang ang aparato para sa dosis na kasamang nakapakete sa produkto. Sa karamihan, ang mga pangsanggol na produkto ay mayroong mga hiringgilya para sa pagsukat, at mga pambatang produkto ay karamihang may kasamang mga tasa para sa dosis.

Huwag magbigay ng isa pang dosis kaagad pagkatapos

Basahin ang tatak para maseguradong alam mo kung paano *kadalas* magbigay ng gamot. Kung magbigay ka ng isa pang dosis kaagad pagkatapos, maaari mong mapinsala ang bata.

Karagdang mahahalagang mga kaalaman tungkol sa panlunas ng pananakit

- **Huwag magbigay ng gamot na pangmatanda sa mga bata, kahit na sa maliliit na sukat**
- **Laging basahin at sundin ang tatak**
- **Huwag uminom ng sobra sa isang medikasyon na naglalaman ng parehong aktibong sangkap.** Kung bibigyan ninyo ang inyong anak ng sobra sa isang gamot sa anumang binigay na araw, i-tsek ang "Aktibong Sangkap" sa lahat ng mga tatak. Maraming mga walang-reseta at may resetang mga gamot—kasama ang maraming-sintomas ng ubo at sipon na mga gamot—ay naglalaman ng acetaminophen (ang aktibong sangkap ng **TYLENOL**® at ang iba pang mga sangkap pareho ng mga antihistamine at mga pampigil ng ubo.

Tandaan: ang ibang mga tatak ay gagamit ng daglat na "APAP" para sa acetaminophen.



I-download ang LIBRENG Kid's Wellness Tracker

Subaybayan ang taas, bigat, BMI, mga bakuna, mga sintomas, at mga gamot, at ikalkula ang dosis.



Mga Makakatulong na Karunungan sa Kalusugan galing sa McNeil Consumer Healthcare Division ng McNEIL-PPC, Inc., ang manggagawa ng Children's **TYLENOL**® at Children's **MOTRIN**®

Ang App Store ay isang paglilingkod na tatak ng Apple Inc. Ang Google Play ay isang tatak-pangkalakal ng Google Inc. Maaaring gamitin ang mga standard na presyo sa pag-download.

©McNEIL-PPC, Inc. 2013 MHP-006T